Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

FDA ADVISORY
No. 2020-179-A

FEB 20 2020

PARA : **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

PAKSA : **Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:**

1. **Agua Oxigenada F.E.U. XIV-10 Vols 120mL**
2. **Agua Oxigenada F.E.U. XIV-10 Vols 60mL**
3. **Jspher Lyn's Marketing Aciete De Manzanilla 25mL.**
4. **Extra Strength Methyl Salicylate Camphor + Menthol (Efficasient Oil Liniment) 25mL**
5. **Tincture of Benzalkonium Chloride 25ml**
6. **Jspher™ Pure Acetone 25mL.**
7. **New Improved Bio-Magsoncent Liniment Oil 120 mL**
8. **Magson Herbal Oil 120 mL**
9. **Kris Haplas Herbal Oil 60 mL**
10. **Extra Strength (Superscent Oil) 50mL.**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng hindi rehistradong mga gamot na:

AGUA OXIGENADA F.E.U. XIV-10 VOLS 120ML
Manufactured & Distributed by: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot

AGUA OXIGENADA F.E.U. XIV-10 VOLS 60ML
Manufactured & Distributed by: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot

JSPHER LYN'S MARKETING ACIETE DE MANZANILLA 25mL.
Distributed by: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot

EXTRA STRENGTH METHYL SALICYLATE CAMPHOR + MENTHOL (Efficasient) OIL LINIMENT 25mL
Distributed by: SOLTAN MARKETING – Davao City, Philippines

Larawan 4. Hindi rehistradong gamot

TINCTURE OF BENZALKONIUM CHLORIDE 25ml
Distributed by: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City

Larawan 5. Hindi rehistradong gamot

JSPHER™ PURE ACETONE 25mL.
Manufactured & Distributed by: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City, Phils

Larawan 6. Hindi rehistradong gamot

New Improved Bio-Magsoncent Liniment Oil 120 mL
By: HERBAL PRODUCT – Cebu City, Philippines

Larawan 7. Hindi rehistradong gamot

Magson Herbal Oil 120 mL
By: JW MARKETING – Cebu City, Philippines

Larawan 8. Hindi rehistradong gamot

KRIS HAPLAS HERBAL OIL 60 mL
By: HERBAL PRODUCT – Cebu City, Philippines

Larawan 9. Hindi rehistradong gamot

EXTRA STRENGTH (SUPERSCENT OIL) 50mL.
Distributed By: JSPHERLYN'S MARKETING – Davao City

Larawan 10. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon o pag-eeksamin ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Gayundin, ang kani-kanilang taga-gawa at taga-pamahagi ay hindi lisensyado sa FDA. Samakatuwid, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad at kaligtasan nito. Ang nasabing iligal na mga produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito.

Alinsunod sa *Republic Act No*. 9711, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang publiko ay pinapaalalahanang huwag bumili ng mga nasabing iligal na produkto at maging maingat laban sa mga ito. Ugaliing tingnan kung ang mga gamot ay rehistrado sa FDA bago bilhin, sa pamamagitan ng paggamit ng *Search feature* ng FDA *website* sa **www.fda.gov.ph**. Maaari ring tingnan ang FDA *Registration number* sa *label* ng produkto.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon, sapagkat kaukulang parusa ay mahigpit na ipatutupad.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa **info@fda.gov.ph**. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-*email* sa **report@fda.gov.ph**, o mag-*report* gamit ang aming *online reporting facility*, ***eReport***, sa **www.fda.gov.ph/ereport**. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong **(02) 8809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: **https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/ Reporter?OrganizationID=PH** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon

for

ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD, DPBO
Undersecretary of Health
Officer-in-Charge, Director General

DTN:
20190924110845